Republic of the Philippines
Department of Education
National Capital Region
Schools Division Office of Navotas City

**DIAGNOSTIK NA PAGSUSULIT SA**
**FILIPINO 2**
**Taong Pampaaralan 2020-2021**

Pangalan:_________________________________________Petsa:____________Guro:_______________________
Paaralan:__________________________________________ Baitang at Pangkat:___________________________

**Piliin at Bilugan ang letra ng tamang sagot:**

1. Handang-handa na sina Nanay Carmen at Tatay Ramon. Dadalo sila sa pagtitipon nina Lolo at Lola. Anibersaryo ng kasal nila. Dapat ay naroon ang buong pamilya. Tinawag ni Aling Carmen ang mga anak. "Fe, Rey, nasaan na ba kayo? Bihis na kami ng Tatay ninyo." "Nanay, may sinat po si Rey, isasama pa po ba ninyo kami?" tanong ni Fe. Dali- daling pumunta si Aling Carmen sa silid ng anak at hinipo ang ulo ni Rey. Nalaman niyang may sinat ito. Lumabas siya at nang ito'y bumalik, nakabihis na ito ng damit pambahay. May dalang palangganang may tubig, botelya ng gamot, at yelo. Sino ang mag-asawa sa kuwento?

   a. Aling Carmen at Mang Ramon  c. Aling Carmen at Mang Mon
   b. Aling Caren at Mang Ramon  d. Aling Carmie at Mang Ramon

2. Saan pupunta ang mag-anak?
   a. sa kaarawan nina Lolo at Lola  c. sa binyag ng Lolo at Lola
   b. sa anibersaryo ng kasal ng Lolo at Lola  d. Sa Kamatayan ng Lolo at LoLa

3. Ano ang nangyari kay Rey?
   a. nagsusuka  b. sumasakit ang tiyan  c. nilalagnat  d. masakit ang ngipin

4. Anong uri ng ina si Aling Carmen?
   a. maalaga  b. masikap  c. madasalin  d. masinop

5. Matutuwa kaya si Rey sa pag-aalaga sa kaniya ng ina?
   a. Oo  b. Hindi  c. maaari  d. Ewan ko

6. Piliin ang tamang bilang ng pantig sa salitang masaya.
   a. 1  b. 2  c. 3  d. 4

7. Alin ang tamang pagpapantig sa salitang pasyalan?
   a. pas-yal-an  b. pas-yala-n  c. Pa-sya-lan  d. pas-ya-lan

8. Alin sa mga salita ang karaniwang ngalan o pambalana?
   a. mag-aaral  b. Armando Reyes  c. Ilog Pasig  d. Aiken

9. Alin sa mga salita ang may maling baybay?
   a. dekorasyon  b. dekoration  c.dekkorasyon  d. dikorasyon

10. Si <u>Aling Rosa</u> ay mamimili sa palengke. Ang salitang may salungguhit ay pangngalang nagbibigay ngalan sa ______.
   a. hayop  b. bagay  c. tao  d. lugar

11. Alin sa mga sumusunod ang tanging ngalan ng bagay?
   a. bag  b. Mongol  c. lapis  d. sapatos

12. Alin sa mga salita ang nagpapakita ng kayarian ng pangngalan na may katinig-patinig?
   a. itlog  b. pakwan  c. araw  d. keso

13. Ikaw ang napiling sumali sa patimpalak sa pagguhit. Alam mong may mas magaling pa sa iyo sa pagguhit.
   a. Hindi na ako sasali sa paligsahan
   b. Sasali pa rin ako dahil ako ang napili.
   c. Sasabihin ko sa guro na may isa kaming kaklase na mas magaling sa akin sa pagguhit.
   d. Sasabihin ko sa akin guro na ang isa ko na lamang na kaklase ang isali sa pagguhit.

14. Nanonood ka ng paborito mong palabas sa telebisyon nang dumating ang iyong tatay at hiniling na ilipat ang estasyon sa basketbol.
   a. Sasabihin ko sa tatay na maghintay na matapos ako sa panonood bago ko ilipat ang estasyon.
   b. Pagbibigyan ko ang tatay na ilipat ang estasyon sa palabas na basketbol.
   c. Sisigawan ko ang aking tatay dahil sa pinalilipat niya ang TV sa ibang estasyon.
   d. Papatayin ko na lang ang telebistyon para parehas kaming hindi makanood.

15. Dahil sa tagal ng pagiging magsuki ibinibigay ni Aling Doray ang kaniyang paninda kahit walang pambayad si nanay. Ano ang paksa sa pangungusap?
   a. Bawal umutang kay Aling Doray
   c. Magsuki si Aling Doray at si nanay.
   b. May tiwala si Aling Doray kay nanay
   d. Mabait si Aling Doray

16. Ang sikat ng ________ ay nagbibigay ng bitamina D.
   a. buwan b. ilaw c. bituin d. araw

17. Alin sa mga sumusunod ang salitang may diptonggo?
   a. kalabaw b. aso b. arnis c. bakod

18. Isang umaga nakasalubong mo ang iyong guro na si Gng. Maglonzo kasama ang iba pang mga kapwa niya guro. Anung magalang na pananalita ang iyong sasabihin upang sila ay batiin.
   a. Magandang tanghali po
   b. Magandang gabi po
   c. Magandang umaga po
   d. Magandang araw po

19. Mahalagang makausap mo ang iyong guro dahil may usapan kayong magkikita ngunit di ka makrarating ginagamit naman ng iyong ate ang telepono, ano ang gagawin mo?
   a. aagawin
   b. maaari bang makagamit
   c. isusumbong sa nanay
   d. pupululin ang linya ng telepono

20. Gumagawa kayo ng proyekto ng tumawag ang iyong kaklase kung saan kayo nakahingi ng bulaklak na gumamela, Hindi ka nila kausap pero narinig mo ang usapan. Ano ang gagawin mo?
   a. hindi kikibo
   b. biglang aagawin ang telepono
   c. ibaba ang telepono
   d. excuse me, ako ang kakausap, ituturo ko kung saan kukuha.

Republic of the Philippines
Department of Education
National Capital Region
**SCHOOLS DIVISION OFFICE OF NAVOTAS CITY**
Bagumbayan Elementary School Compound
M. Naval St., Sipac-Almacen, NavotasCity
Email add.: navotas.city@deped.gov.ph
Tel. No. 351-57-97, 332-77-64

**TOS- Table of Specification / Talahanayan ng Ispesipikasyon**
**Grade/ Baitang:** Baitang 2
**Key Stage- 1-3 :** 20 Items/ 20 Aytem
**Subject/Asignatura:** FILIPINO 2
**Grading Period/ Markahan** Diagnostik na Pagsusulit/Unang na Markahan

| Competencies/ Kasanayan | Number of Item/ Bilang ng Aytem | Distribution of test Question/ Distribusyon ng mga tanong | Easy/ Madali | Average/ Katamta man | Difficult/ mahirap | Total/ Kabuuan |
|---|---|---|---|---|---|---|
| 1st Nakasasagot sa mga tanong tungkol sa nabasang kuwentong kathang-isip (hal: pabula, maikling kuwento, alamat), tekstong hango sa tunay na pangyayari (hal: balita, talambuhay, tekstong pang-impormasyon), o tula*F2PB-Id-3.1.1 F2PB-IIa-b-3.1.1 F2PB-IIId-3.1.11 | 5 | 1,<br>2,<br>3,<br>4,<br>5 | 1<br>1<br>1<br><br>1 | <br><br><br>1<br> | | 5 |
| 1st Nasasabi ang mensahe, paksa o tema na nais ipabatid sa patalastas, kuwentong kathang – isip ( hal: pabula, maikling kuwento, alamat), o teksto hango sa tunay na pangyayari (hal: balita, talambuhay, tekstong pang-impormasyon)* | 3 | 13,<br>14<br>,<br>15 | | 1<br><br> | <br>1<br>1 | 3 |
| 1st Nagagamit ang magalang na pananalita sa angkop na sitwasyon (pagbati, paghingi ng pahintulot, pagtatanong ng lokasyon ng lugar, pakikipag-usap sa matatanda, pagtanggap ng paumanhin, pagtanggap ng tawag sa telepono, pagbibigay ng reaksyon o komento)F2WG-Ia-1 F2WG-IIa-1 F2WG-IIIa-g-1 F2WG-IIIa-g-1 F2WG-IVa-c-1 F2WG-IVe-1 | 3 | 18,<br>19,<br>20 | 1<br><br> | <br>1<br>1 | | 3 |
| 2nd Nabibigkas nang wasto ang tunog ng patinig, katinig, kambal - katinig, diptonggo at klusterNabibigkas nang wasto ang tunog ng patinig, katinig, kambal - katinig, diptonggo at kluster | 3 | 6<br>7<br>9<br>12<br>16,<br>17 | 1<br>1<br><br><br><br> | <br><br>1<br><br>1<br> | <br><br><br>1<br><br>1 | 6 |
| 3rd Nagagamit nang wasto ang pangngalan sa pagbibigay ng pangalan ng tao, lugar, hayop, bagay at pangyayari | 3 | 8<br>10<br>11 | <br>1<br> | 1<br><br> | <br><br>1 | 3 |
| Kabuunan | 20 | | 8 | 7 | 5 | 20 |